

Filipino

Ikatlong Markahan – Modyul 2: Mga Salitang Ginagamit sa Impormal na Komunikasyon



**Filipino – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 2:Mga Salitang Ginagamit sa Impormal na Komunikasyon
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Nissan J. Laugo, Cara Angela R. Arong

Editor: Helena R. Dolaota, Maria Consuelo C. Jamera

Tagasuri: Randy A. Rudila, Noviemar T. Maur, Donna May D. Pinguic, Teresita A. Merlin

Tagaguhit: Rhynan C. Consigna, Ruben S. Golindang

Tagalapat: Mark D. Buit, Reggy C. Asupre, Liezl O. Arosio

Tagapamahala: Francis Cesar B. Bringas

Isidro M. Biol, Jr.

Maripaz F. Magno

Josephine Chonie M. Obseñares

Nelia S. Lomocso

Gemna G. Pobe

Evelyn C. Coro

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Caraga Region

Office Address: Learning Resource Management Section (LRMS)
Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines 8600
Telefax: (085) 342-8207 / (085) 342-5969
E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

Filipino

Ikatlong Markahan – Modyul 2:

**Mga Salitang Ginagamit
sa Impormal na Komunikasyon**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Matututuhan mo sa modyul na ito ang kahulugan ng pananaliksik. Matututuhan mo ring ilahad nang maayos at mabisa ang mga impormasyon o datos na iyong nakuha mula sa iyong pananaliksik sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang estratehiya nito upang makabuo ng isang balita, komentaryo, at iba pa.

Bukod dito, mahahasa rin ang inyong talas sa pag-iisip sa pagsulat ng isang simpleng sanaysay na naglalaman ng mga isyung panlipunan gamit ang mga salitang impormal.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw bilang isang mag-aaral ay inaasahang:

1. Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa pangangalap ng mga ideya sa pagsulat ng balita, komentaryo, at iba pa.
2. Naiuulat nang maayos at mabisa ang nalikom na datos sa pananaliksik.
3. Nagagamit sa iba't ibang sitwasyon ang mga salitang ginagamit sa impormal na komunikasyon (balbal, kolokyal, banyaga).



Subukin

Sa bahaging ito gagawin ang unang pagsubok tungkol sa paksa.

Panuto: Ang talahanayang iyong nakikita ay isang halimbawa ng datos tungkol sa kalagayan ng mga palikuran (*restroom*) mula sa iba't ibang sangay na lugar ng isang *fastfood* o kainan. Pansinin ang buong talahanayan at sagutan ang sumusunod na tanong. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

TSEKLIS	SEPT. 22, 2015	SEPT. 24, 2015	SEPT. 24, 2015	SEPT. 29, 2015	SEPT. 29, 2015
	D. Tuazon St. Branch	Sta. Cruz Branch	Binondo Branch	Banawe Branch	Banawe - Tirad Branch
1. Madaling mahanap ang palikuran.	/	x	/	x	/
2. Malinis ang ihian.	/	/	/	x	/
3. Mayroong tisyu.	/	x	x	x	/
4. Malinis ang lababo.	/	/	/	/	/
5. Mayroong sabon at lagayan ng sabon.	/	/	/	x	/
6. Gumagana ang patuyuan ng kamay.	/	x	x	/	/
7. Malinis ang salamin.	/	/	/	/	/
8. Malinis at tuyo ang sahig at pader.	/	/	/	/	/

9. Maayos ang basurahan.	x	/	x	/	/
10. Mayroong daanan para sa mga may kapansanan.	x	x	/	x	/
11. Mayroong bentilador	/	/	/	/	/
12. Maayos ang pintuan ng bawat sulok ng palikuran.	/	x	/	x	/
KABUOAN					

1. Sa iyong palagay, anong angkop na estratehiya ang ginamit sa pangangalap ng datos? Patunayan ang sagot.
2. Sa pamamagitan ng *Rank Order Chart*, ihanay ang mga datos na nasa tseklis mula sa pinakamataas (5) hanggang sa pinakamababa (1) batay sa kabuoang puntos na natamo ng bawat sangay na lugar ng isang *fastfood* o kainan. Pagkatapos ay magbigay ng komentaryo tungkol sa mga resulta ng datos na inilahad. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

RANGGO	PANGALAN NG LUGAR	KOMENTARYO (Bumuo ng 2-3 pangungusap)
1		
2		
3		
4		
5		

Aralin

1

Mga Salitang Ginagamit sa Impormal na Komunikasyon

Ayon sa *Webster Dictionary*, ang komunikasyon ay pagpapahayag, paghahatid o pagbibigay ng impormasyon sa mabisang paraan. Isa itong pakikipag-ugnayan, pakikipagpalagayan o pakikipag-unawaan. Ayon naman kay *Greene* at *Petty* sa kanilang aklat na *Developing Language Skills*, ang komunikasyon ay isang konsyus na paggamit sa anumang uri ng simbolong tunog o anumang uri ng simbolo upang makapagpadala ng katotohanan, ideya, damdamin, o emosyon mula sa isang indibiduwal tungo sa iba. Ang pakikipag-usap sa kapuwa ay hindi maiiwasan, dito unti-unting nauunawaan ng karamihan ang kahalagahan ng komunikasyon. Pangunahin ito sa pangangailangan ng tao habang siya ay nabubuhay. Nagaganap ang anumang transaksyon dahil sa komunikasyon. Ang komunikasyon ay lumilinan ng isang mabuting pagkatao at pakikipagkapuwa.

Makapamumuhay nang tahimik ang isang nilalang kung siya ay nakasanib sa isang lipunang may parehong interes at may pagkakaunawaan. Maiuugnay lamang niya ang kaniyang sarili sa isang lipunan sa pamamagitan ng komunikasyon. Ayon kina *Sauco* at *Atienza (2020:4)*, ang kakayahan ng tao sa pakikipagtalastasan ay nagbibigay-daan upang makasanib sa pinakamataas na lipunan at makasabay sa patuloy na pagbabago. Sa araling ito, pag-ugnayin natin ang mga impormal na salita na ginamit sa pagpapahayag, pagbibigay ng impormasyon, at ng mga saloobin o dili kaya ay pagpapahayag ng mga opinyon o balita mula sa datos ng pananaliksik.




Balikan

Bago ka magpatuloy sa aralin, magbalik tanaw muna tayo sa mga basahing popular, kung nakahanda ka na, simulan mo na!


Panuto: Kilalanin kung anong uri ng kontemporeong panitikan nabibilang ang sumusunod na larawan. Matapos ito, ibigay ang katangian ng natukoy na uri ng kontemporeong panitikan.



Sagot: _____
Katangian: _____



Sagot: _____
Katangian: _____



Sagot: _____
Katangian: _____



Panuto: Basahin ang ulat sa ibaba at subukang sagutin ang mga tanong.

Kaso ng Covid-19 Patuloy na Tumataas

ni Nissan J. Laugo

Mas lalo pang pinaigting ang pagpapatupad ng *health protocols* sa buong Pilipinas ngunit sa kabila ng pagsasakripisyo ng ating mga *frontliners* ay patuloy pa ring tumataas ang kaso ng Covid-19. Ito ay dahil umano sa hindi pagsunod sa ipinapatupad na *health protocols* sa buong bansa.

Ayon sa *Department of Health*, nadagdagan ng 1,353 na bagong kaso ng Covid-19 noong Enero 7, 2021. Mayroon namang naitalang 360 ang gumaling sa sakit at 9 ang pumanaw. Sa kabuuan, 4.9% (23,675) ang naitalang aktibong kaso sa bansa, 93.1% (449,052) na ang gumaling, at 1.94% (9,356) ang namatay.

Ngayong panahon ng pandemya, sundin ang mga *health protocols* para sa kaligtasan. Ugaliing maghugas ng kamay, panatilihin ang isang metrong layo o *social distancing*, at huwag kalimutang magsuot ng *facemask* at *faceshield* bago lumabas ng bahay.

Talasalitaan: Itapat ang mga salita sa Hanay A sa angkop nitong kahulugan sa Hanay B.

Hanay A

1. pinaigting
2. sakripisyo
3. pumanaw
4. pandemya
5. panatilihin

Hanay B

- A. ipagpatuloy
- B. pinatindi
- C. pagsisikap
- D. tumutulong sa nangangailangan
- E. isang epidemya ng nakakahawang sakit
- F. namatay

Pag-unawa sa Binasa: Sagutin ang mga tanong. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Tungkol saan ang iyong nabasa?
2. Batay sa ulat, ano ang dahilan ng patuloy na pagtaas ng kaso ng Covid-19?
3. Paano naging malinaw at kapani-paniwala ang mga datos o impormasyon sa ulat?
4. Sa iyong palagay, ano-anong pamamaraan ang ginawa upang mabuo ang isang ulat?



Suriin

Sa bahaging ito, masasagot na ang iyong katanungan tungkol sa araling ito. Simulan mo nang basahin at unawaing mabuti.

Iba't Ibang Estratehiya sa Pangangalap ng Datos

Ang pananaliksik ay isang sistematiko at siyentipikong proseso ng pangangalap, pagsusuri, pag-aayos, pag-oorganisa, at pagpapakahulugan ng mga datos tungo sa paglutas ng suliranin, pagpapatotoo ng prediksiyon, at pagpapatunay sa imbensiyong nagawa ng tao. Ayon kay Calderon at Gonzales, 1993 ito naman ay isang siyentipikong pamamaraan ng pag-iipon, pagsusuri, paglilinaw, pag-aayos, pagpapaliwanag, at pagbibigay kahulugan ng isang datos o impormasyon na nangangailangan ng solusyon sa problema. Ito rin ang palawakin sa mga limitadong kaalaman at pagpakita ng pag-unlad sa buhay ng tao. Ito rin ang isa sa mga mabisang paraan sa pangangalap ng ideya upang makabuo ng isang balita, dokumentaryo, at iba pa. Mas napalalawak ang kaisipang taglay na nagsisilbing gabay para sa karagdagang kaalaman. Ilan sa mga maaaring gamitin sa pangangalap ng datos o ideya ay ang sarbey at panayam.

Sarbey o Survey

Ang layunin ng sarbey ay upang makakuha ng mga impormasyon, partikular na ang bilang o dami ng mga tao sa isang partikular na kondisyon o opinyon. Kung gusto pang palawakin ng mananaliksik ang kasagutan sa kaniyang *survey questionnaire* ay maaari niya itong samahan ng panayam o obserbasyon. Sa tulong nito mas mapabibilis ang pagtugon ng mga kinakailangang impormasyon.

Halimbawa:

Pangalan (opsiyonal): _____ Kurso, Taon at Seksiyon: _____
Kasarian: _____ Edad: _____ Numero ng Telepono: _____

Panuto: Basahin ang bawat tanong sa ibaba at bilugan ang titik ng tamang sagot. Gawin ito sa sagutang papel.

- Gaano ka kadalas maglaro ng online games?
 - Araw-araw
 - Minsan
 - Kapag nasa ibang bahay lang o lugar
- Saang *device* ka madalas naglalaro ng *online games*?
 - Kompyuter
 - Smartphones o tablets
 - Home Konsols (PS3, Xbox, Wii, atbp.)
- Ilang oras ka naglalaro sa isang araw?
 - 1 - 3
 - 4 - 6
 - 7 - 10
- Ano ang masamang epekto ng *online games* sa mga kabataan?
 - Sumasarap ang tulog
 - Nakakawala ng *stress*
 - Masakit ang mata
- Ano ang pinakalayunin mo sa paglalaro ng *online games*?
 - Tapusin ang kuwento
 - Talunin lahat ng kalaban
 - Higitan ang mas mataas na iskor

A. Maraming Pagpipilian o Multiple Choice

Ito ang mas mabilis na paraan ng pagsasagot sa isang sarbey. Sa paraang ito, pipili lamang ang isang respondente ng sagot na umaangkop sa kaniyang kalagayan mula sa mga opsiyon.

Halimbawa:

Tingnan nang mabuti ang mga sitwasyon. Alin sa sumusunod na pangungusap ang sa tingin mong sasabihin mo?

1. Habang ikaw ay nagmamadaling tumakbo patungong paaralan may nakita kang isang matandang gustong tumawid sa daan, pero siya ay nahirapan dahil sa dami ng sasakyan. Ano ang iyong gagawin?
 - a. Hahayaan ang matanda na hindi makatawid sa daan dahil malapit ka nang mahuli sa klase.
 - b. Tutulongan ang matanda na makatawid pero agad iiwan dahil malapit ka nang mahuli sa klase.
 - c. Tatanungin ang matanda kung saan ang kaniyang punta saka samahan sa pagtawid.
2. Pumasok ka sa klase nang ika-7 ng umaga ngunit matapos ang ilang minuto, kinansela ang klase dahil sa bagyo.
 - a. "Ano ba 'to, hindi man lang agad ipinahayag."
 - b. "Sayang, ang aga ko pa naman gumising."
 - c. "Buti naman, kasi kawawa kaming mga estudyante kapag natagalan pa kaming umuwi."

B. Pagkilala sa mga Sinasang-ayunan

Ilan pa sa mga uri ng pangangalap ng datos sa pamamagitan ng sarbey ay ang Pagkilala sa mga Sinasang-ayunan. Sa paraang ito, maaaring maglagay ng pagpipiliang nagpapahayag ng pagsang-ayon o hindi pangsang-ayon ayon sa iba't ibang kaantasan. Narito ang halimbawa.

Lagyan ng ekis (x) ang **LSA** kung Lubos na Sang-ayon, **SA** kung Sang-ayon, at **DS** kung Hindi Sang-ayon sa bawat pahayag na nakasulat sa kaliwa. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Mga Pahayag	LSA	SA	DS
1. Komportable akong nakikipag-usap gamit ang aking wika.			
2. Madali akong naiintindihan sa wikang ginagamit ko.			
3. Ang wikang gamit ko ay mas madaling gamitin sa loob ng klase.			
4. Ang wikang gamit ko ay mas madaling gamitin sa labas ng klase.			
5. Madali kong naipahahayag ang aking mga ideya gamit ang aking wika.			

C. Eskalang Likert o Likert Scale

Ang *Likert Scale* ay isa sa mga paraan kung papaanong sinusukat ng isang tao ang kaniyang sarili.

Halimbawa:

Lagyan ng angkop na interpretasyon ang kolum ayon sa mga sumusunod na pahayag gamit ang pamantayan sa ibaba.

Limitasyon ng Parameter	Interpretasyon	Simbolo
4.21 – 5.00	Napakataas	Nt
3.41 – 4.20	Mataas	Mt
2.61 – 3.40	Katamtaman	K
1.81 – 2.60	Mababa	Mb
1.00 – 1.80	Napakababa	Nb

Pahayag	Mean	Interpretasyon
1. Nasiyahan ako na wikang Filipino ang gamit ng aking guro sa pagtuturo.		
2. Nasiyahan ako na wikang Ingles ang gamit ng aking guro sa pagtuturo.		
3. Nakakatulong ang wikang Ingles at Filipino sa aming mga mag-aaral.		
4. Mas marami akong matututuhan kapag wikang Filipino ang ginagamit sa pagtuturo.		
5. Mas marami akong matututuhan kapag wikang Ingles ang ginagamit sa pagtuturo.		

Ilan lamang ito sa mga maaaring lamanin ng isang sarbey, maaari ding ayusin at pahusayin ang paraan ng pagtatanong. Bukod sa mga ito, maaari ding gamitin ang pakikipanayam sa mga angkop na kalahok na makapagpapatibay ng ating pananaliksik.

Panayam o Interview

Ito ay isang pamamaraan sa pangangalap ng impormasyon sa pamamagitan ng pagtatanong nang harapan o birtuwal.

Sa paggawa ng isang panayam kailangang planuhin din ang hanay ng mga tanong. Sa pagbuo ng mga tanong at paghahanda sa panayam, maaaring kumonsulta sa mga libro o sa *internet* subalit mas mainam ang impormasyon na nanggagaling mismo sa isang mapagkakatiwalaang batis. Ang mga táong kasangkot sa isang paksa/sitwasyon na may kaugnayan sa nais mong saliksikin ay tinatawag na pangunahing batis ng impormasyon.

Mga dapat tandaan sa pakikipanayam upang maisakatuparan ang pananaliksik sa pagbuo ng dokumentaryo, balita, at opinyon:

a. Paghahanda para sa Panayam

- Magpaalam sa taong gustong makapanayam.
- Kilalanin ang taong kakapanayamin.

b. Habang Nakikipanayam

- Maging magalang.
- Magpakita ng pakikitungo sa kapanayam.
- Itanong ang lahat na ibig malalaman kaugnay sa paksa.
- Makinig nang mabuti sa sagot ng kinakapanayam.

c. Pagkatapos ng Panayam

- Magpasalamat nang maayos.
- Iulat nang maayos at matapat ang nakuhang impormasyon sa panayam.

Ngayon, alam mo na ang mga paraan o estratehiya kung paano mangangalap ng tamang impormasyon. Ang mga ito ay magagamit sa paglalahad ng isang komprehensibong pag-uulat na hindi nakabatay sa mga sabi-sabi lamang o dili kaya ay sa mga sangguniang hindi mapagkakatiwalaan. Ang mga paraan o estratehiya sa pangangalap ng impormasyon ay sa pamamagitan ng pananaliksik gaya ng sarbey at pakikipanayam. Pagkatapos mong makalap ang mga nakuhang impormasyon, kailangan mo itong isulat upang makabuo ng isang ulat o kaya ay isang interpretasyon hinggil dito.

Sa pagkakataong ito, pag-uusapan natin ang mga salitang ginagamit sa impormal na komunikasyon. Handa ka na ba?

Mga Salitang Ginagamit sa Impormal na Komunikasyon

Ang mga salitang karaniwan at palasak na ginagamit sa mga pang-araw-araw na pakikipag-usap at pakikipagsulatan sa mga kakilala at kaibigan ay kabilang sa mga impormal na salita. Ang impormal na salita ay nauuri sa tatlo:

1. **Lalawiganin o Provincialism** - ito ang mga salitang kilala at saklaw lamang ng pook na pinaggagamitan nito. Kapansin-pansin ang mga lalawiganing salita, bukod sa iba ang bigkas may kakaiba pang tono o punto ito.

Halimbawa:

tugang (Bikol), dako (Bisaya), ngarud (Ilokano)

2. **Balbal o slang** - ang mga salitang ito ay tinatawag sa Ingles na *slang*. Ang mga salitang ito noong una ay hindi tinatanggap ng matatanda at mga may pinag-aralan dahil hindi raw magandang pakinggan at taliwas sa kanilang nakasanayan. Ang mga salitang balbal ay tinatawag ding salitang kanto o salitang kalye.

Halimbawa:

erpat - tatay
dedo- namatay
tsikot - kotse
noypi – Pinoy

lispu - pulis
tom jones – gutom
toxic – maraming trabaho/gawain
sikyo - security guard

3. **Kolokyal o colloquial** - ito ay mga salitang ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. Makikita ninyo na ang buong salita mula sa pormal ay nakaltasan ng letra.


Halimbawa:

Pormal
aywan
ganoon

Kolokyal
ewan
ganon

Sa ibang mga aklat, kasama na sa impormal na uri ng wika ang *Jargon* o ang mga wika na ginagamit lamang sa mga piling larang tulad ng balitang Isports at sa mga tekstong siyentipiko. Halimbawa, ang salitang *foul*, *stretset*, *lay-up* para sa tekstong pang-Isports samantalang ang *carbon dioxide*, *oxygen*, *chlorophyll*, at iba pa ay para naman sa Siyensiya. Tingnan natin ang halimbawang pangungusap gamit ang mga wikang tinatawag na Jargon.

1. Nagkaroon ng *2-point shot* ang *forward* ng kanilang koponan dahil sa matinding *lay-up* nito.
2. Dumadaloy ng *oxygen* ang mga punongkahoy na itinanim mo sa inyong bakuran.



Pagyamanin

Gawain 1

Panuto: Magsaliksik hinggil sa paksang pinag-usapan ng magkaibigan. Kompletuhin ang blangkong kuwadro sa *comics strips*. Gumamit ng mga salitang impormal.

<p>Nag-uusap ang magkaibigan at Dr. Anna tungkol sa pandemyang COVID-19...</p>		<p>Dumating si Dr. Anna at tinulungan si Lito sa pagpapaliwanag kay Maria.</p>		<p>Kapag nagpunta ba kami sa piyesta, wala bang violation sa General Community Quarantine?</p>
<p>Lito, paano ba tayo makaiwas sa COVID-19?</p>		<p>Buti nalang andito si dok.</p>		
<p>Paalam din sa inyo, ingat kayo.</p>	<p>Ako rin, Dok, ipamamalita ko 'to sa aking mga katrupo tungkol sa mapinsalang virus na ito.</p>	<p>Salamat, Dok sa inyong paliwanag. Hayaan mo, ibabahagi ko ito kay erpat at ermat.</p>		

Gawain 2

Panuto: Mula sa *comic strip*, itala ang mga nakuhang impormasyon batay sa panayam na nangyari. Pagkatapos, bumuo ng isang balita o komentaryo tungkol dito sa loob ng kahon. Gawin ito sa iyong sagutang papel. Sumangguni sa itinakdang pamantayan sa ibaba.

Mga Pamantayan	10 Napakahusay	8 Mahusay	5 Mahusay-husay	2 Nangangailangan ng pagpapahusay
1. Nailahad nang maayos ang ideya o datos.				
2. Nakatulong ba ang mga salitang impormal sa pagpapagaan ng usapan ng mga tauhan sa isang mabigat na usapin.				
3. Malinaw na pagkakasulat o pagpapahayag ng ideya.				

Mga nakuhang impormasyon:

- | | |
|----|----|
| 1. | 4. |
| 2. | 5. |
| 3. | |

Gawain 3

Panuto: Basahin nang mabuti ang mga sitwasyon sa ibaba at sagutin ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot nang padayalogo gamit ang mga salitang ginagamit sa impormal na komunikasyon. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- Kaarawan ng iyong matalik na kaibigan at inimitahan ka niyang pumunta sa kanilang bahay para sa pagdiriwang ng kaniyang kaarawan. Gustong-gusto mong pumunta dahil alam mong masisiyahan siya kapag nagkita kayo. Ano ang sasabihin mo sa iyong mga magulang gayong nakataas ang ECQ sa inyong lugar?

Sagot:

- Nahihirapan kang sagutan ang ilang gawain sa asignaturang Matematika. Wala kang kasama sa bahay na makatutulong sa iyo sa pagsagot nito. Nakita mong nakasulat ang numero ng iyong guro sa sagutang papel na nakalakip sa modyul pati na rin ang *messenger account* niya. Gusto mong tawagan siya at ilahad sa kaniya ang iyong problema. Paano mo ito sasabihin sa kaniya?

Sagot:



Isaisip

Magaling at nasagot mo ang unang sukatan ng iyong natutuhan! Ngayon naman ay subukang punan ng angkop na salita and talata upang mabuo ang kaisipang iyong natutuhan sa aralin.


Panuto: Punan ng angkop na salita ang talata upang mabuo ang kaisipan sa araling ito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ang pananaliksik ang isa sa mga _____ sa pangangalap ng ideya upang makabuo ng isang balita, dokumentaryo, at iba pa. Ilan sa mga maaaring gamitin sa pangangalap ng datos o ideya ay ang _____ at _____.

Ang layunin ng sarbey ay upang _____, partikular na ang bilang o dami ng mga tao sa isang partikular na kondisyon o may opinyon. Kung gusto pang palawakin ng mananaliksik ang kasagutan sa kaniyang sarbey ay maaari niya itong samahan ng _____.

Ginagamit ang mga _____ na karaniwan at palasak sa araw-araw na pakikipagtalastasan upang makabuo nang maayos at mabisang ulat batay sa nalikom na datos tulad sa sarbey at panayam. Ang mga impormal na salita ay nauuri sa tatlo. Ito ang _____, _____, at _____.

Sa kabuoan, mahalaga ang natutuhan ko dahil _____.




Isagawa

Magaling! Ngayon naman, subukan mong isagawa nang may kahusayan ang kasunod na gawain.


Panuto: Tingnan ang *infographics* sa ibaba. Sumulat ng isang balita o komentaryo hinggil sa sumusunod na impormasyon. Salungguhitan ang mga salitang impormal na ginamit. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

PAANO NAIPAPASA ANG VIRUS NG COVID-19?

Isa sa mga paraan kung paano ito naipapasa sa ibang tao ay sa pamamagitan ng paglanghap ng tumalsik na laway mula sa isang *infected* na tao. Ang tawag dito ay "*Droplet Transmission*".



Ang *Droplet Transmission* ay maaaring mahalintulad sa pag-spray ng tubig sa hangin. Ang *droplets* mula sa pag-ubo ay maaaring may dalang *virus* na nagdudulot ng COVID-19. Maaaring mahawa ang taong nakalanghap ng mga *droplets*.



Karagdagang Gawain


Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto

Dahil naging malinaw na sa iyo ang ilang estratehiya sa pangangalap ng impormasyon, ngayon ay subukan natin ito sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng iyong natutuhan. May mga gawain sa ibaba na inihanda para sa iyo upang subukan kang mailahad nang maayos at mabisa ang mga nalikom na datos sa iyong pananaliksik.

Handa ka na ba? Magsimula na tayo!


Magsagawa ng panayam sa iyong mga kasama sa bahay tungkol sa kanilang palagay sa paggamit ng selpon bilang pantulong sa pagkatuto sa paaralan. Ang panayam ay sa paraang pasulat at ito ay nasa 3 - 5 na kapanayam.

Mga Panayam:



Panuto: Mula sa mga nakalap na datos sa panayam, sumulat ng isang komentaryo opinyon mula sa mga datos na nakuha. Gawing basehan ang pamantayan na nasa ibaba. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

Mga Pamantayan	10 Napakahusay	8 Mahusay	5 Mahusay- husay	2 Nangangailangan ng pagpapahusay
1. Nailahad nang maayos ang ideya o datos.				
2. Nakatulong ang mga salitang impormal sa pagpapagaan ng usapan ng mga tauhan sa isang mabigat na usapin				
3. Malinaw na pagkakasulat o pagpapahayag ng ideya.				



Susi sa Pagwawasto

*Binabati kita dahil
napagtagumpayan mo ang mga
hamon na humubog sa iyong
aspektong pangkaisipan at
pangkatauhan. Hanggang sa muli!*

- Balikan**
1. **Komiks** ✓
Isang grapikong midyum na ang mga salita at larawan ay ginamit upang ihatid ang isang salaysay o kuwento.
 2. **Magasin** ✓
Naglalarawan ito ng mga maikling kuwento at sunod-sunod na mga nobela. Naglalaman ng peryodikong publikasyon at maraming artikulo, kalimitang pinopondohan ng mga patalastas. Ito rin ay nagbibigay impormasyon sa mga mamabasa.
 3. **Pahayagan** ✓
Ito ay maaring pangkalahatan o may espesyal na interes at kadalasan itong inilathala ng araw-araw o linggihan. Kadalasan rin itong na-imprenta sa mababang halaga.
- Tuklasin**
A. I. B 2. C 3. F 4. E 5. A
B. Nasa guro ang pagpapasya sa pagwawasto.
- Subukin**
Nasa guro ang pagpapasya sa pagwawasto.

Isaisip
Mabisang paraan, sarbey at panayam, kasangkapan, makakula ng impormasyon, interbyu o obserbasyon, salitang impormal, balbal/lalawiganin/kolokyal.

Sanggunian

Aklat

Nuncio, Rhoderick V. et. al. (2016) SIDHAYA 11.C & E Publishing, Inc Quezon City, Philippines.

Santiago, Alfonso O. (1998). SANDIGAN IV, Ikatlong Edisyon. Rex Publishing House, Quezon City, Philippines.

Modyul

Panitikang Pilipino 8 (Modyul sa Mag-aaral)

Project EASE Modyul 8-15.

Internet/URL

<http://www.careerandjobsearch.com/interviewchecklist>.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph